



13 Enero 2019

Kapistahan ng Pagbibinyag sa Panginoon

Taon K

ANG PAGTANGGAP SA KATUNGKULAN NA INIAATAS NG AMA

Ang Kapistahan ng Pagbibinyag kay Hesus ang huling pagdiriwang sa Banal na Panahon ng Pasko ng Pagsilang ng Panginoon. Bukas ay sisimulan na ang Karaniwang Panahon sa Simbahan. Ang buod ng Panahon ng Pagsilang ng Panginoon ay ang pagdiriwang ng Pagpapakita ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Nagkatawang-taong Anak.

Ang Pagbibinyag kay Hesus ay ang huling yugto sa pagpapakitang ito. Ito ay ang pagpapahayag ng Ama na si Hesus ang Mesias, ang Kristo, ang Hinirang ng Diyos. Ito rin ay ang pagtanggap ni Hesus sa tungkuling iniaatas sa kaniya ng Ama.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Nang si Hesus ay binyagan, nabuksan ang kalangitan at ang Espiritung Banal ay lumapag sa ulunan, kalapati'y anyong taglay.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong tumanggap sa tungkuling maging Mesias, ang pag-ibig ng Diyos Amang natuwa sa Kanyang Anak, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong nanaog sa anyong kalapati ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Nagsasaya tayo sa pagpapabinyag ng Panginoong Hesus at

sa kanyang pagtanggap sa nais ng Amang siya ang maging Manunubos. Pagsisihan natin ang ating mga pagtutol sa nais ng Diyos na ating gawin sa ating buhay. (Manahimik sandali.)

P–Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong pagiging aming Mesias at Manunubos, Panginoon, kaawaan mo kami.

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kahinaan ng pag-asa sa bunga ng sakramento ng binyag na aming tinanggap, Kristo kaawaan mo kami.

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kakulangan ng pagmamahal sa iyo at sa aming mga kapatid sa pananampalataya, Panginoon, kaawaan mo kami.

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapang-

yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa

kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, noong binyagan ang Mesiyas sa Ilog Jordan, bumaba sa kanya ang Espiritu Santo at sinabi mong ang iyong Anak na minamahal ay lubos mong kinalulugdan. Kaming mga isinilang mo bilang mga anak sa tubig ng binyag at sa Espiritu Santo ay mamalagi nawang kalugud-lugod sa iyo, sa pamamagitan ni Hesukristo ngayon at magpasawalang hanggan. **B** –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Isa 42:1-4,6-7*

Ang ating sipi galing kay propeta *Isaias* ay naglalahad ng una sa apat na Awit ng *Nagdurusanang Lingkod ng Panginoon*. Ang *Hinirang na Lingkod* ay nakatalagang maghirap upang tupdin ang kalooban ng Diyos. Ngunit tinanggap niya ang mga pahirap na kalakip ng kanyang pagiging *Lingkod nang bukal sa kanyang kalooban*.

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta *Isaias*

Sinabi ng Panginoon: “Ito ang lingkod ko na aking itataas, na aking pinili at kinalulugdan; ibubuhos ko sa kanya ang aking Espiritu, at sa mga bansa ay siya ang magpapairal ng katarungan. Mahinahon at banayad kung siya’y magsalita, ni hindi magtataas ng kanyang tinig. Ang marupok na tambo’y hindi babaliin, ilaw na aandap-andap di n’ya papatayin, at ang katarungan ang paiiralin. Di siya mawawalan ng pag-asa ni masisiraan ng loob. Paghahariin niya ang katarungan sa daigdig. Ang mga bansa sa malayo ay buong pananabik na maghihintay sa kanyang mga turo.

Akong Panginoon, tumawag sa iyo, binigyan kita ng kapangyarihan upang pairalin ang katarungan sa daigdig. Sa pamamagitan mo ay gagawa ako ng pakikipagtipan sa lahat ng tao at magdadala ng liwanag sa lahat ng bansa. Ikaw

ang magpapadilat sa mga bulag at magpapalaya sa mga bilanggo ng kadiliman.”

Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 28*

B –*Basbas ng kapayapaa’y sa bayan ng Poong mahal!*

R. M. Velez

Bas-bas ng ka-pa-ya-pa--a'y sa bayan ng Po-ong Ma-----hall!

* Purihin ang Panginoon ninyong banal na nilalang, pagka’t siya ay dakila’t marangal ang kanyang ngalan. Ang Poon ay dakilain, purihin ang Diyos na Banal, yumuko ang bawa’t isa kapag siya ay dumatal. **B.**

* Sa gitna ng karagatan, tinig niya’y naririnig. Sa laot ng karagata’y hindi ito nalilingid. Pag nangusap na ang Poon, tinig niya’y ubod-lakas, nguni’t tinig kamahalan, kapag siya’y nangungusap. **B.**

* Ang tinig ng dakilang Diyos, parang kulog na malakas, kaya’t mga nasa templo’y sumisigaw, nagagalak, “Panginoon’y papurihan!” ganito ang binibigkas. Siya rin ang naghahari sa dagat na kalaliman, namumuno siya roon bilang hari, walang hanggan. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Gw 10: 34-38*

Ang panayam ni *Pedro* sa Aklat ng mga *Gawa ng mga Apostol* ay nagpapahayag ng pasimula ng pangangaral ni *Hesus* bilang *Kristo*, ang *Hinirang ng Diyos*. Ang simulang ito ay kaugnay ng pangangaral at pagbibinyag ni *Juan*, isang binyag na tinanggap din ni *Hesus*.

L –Pagpapahayag mula sa mga *Gawa ng mga Apostol*

Noong mga araw na iyon, nagsalita si *Pedro*, “Ngayon ko lubusang natanto na walang itinatangi ang Diyos. Nalulugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit saang bansa. Ibinigay ng Diyos ang kanyang salita sa mga *Israelita*. Sa kanila niya ipinahayag ang *Mabuting Balita* tungkol sa pakikipagkasundo sa pamamagitan ni *Hesukristo*. Nguni’t siya’y

Panginoon ng lahat! Alam ninyo ang nangyari sa buong *Judea* na nagsimula sa *Galilea* nang mangaral si *Juan* tungkol sa binyag. Ang sinasabi ko’y tungkol kay *Hesus* na taga-*Nazaret*. Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang *Hinirang*. Sapagka’t sumasakanya ang Diyos, saanman siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo.”

Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Aleluya *Mc 9:6*

B –Aleluya! Aleluya!
Nagsalita ang *D’yos Ama*:
“Ang Anak kong sinisinta ay narito, dinggin n’yo s’ya!”
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 3:15-16, 21-22*

Ang pagbibinyag kay *Hesus* ayon kay *Lucas* ay naglalahad ng pagsasama ng *Tatlong Persona ng Banal na Trinidad*, *Ama*, *Anak*, at *Espiritu Santo*, sa simula ng pagkilos ni *Hesus* bilang *Mesias*, ang *Hinirang ng Diyos*. Ang taimtim na panalangin ni *Hesus* ay binigyan pansin ni *Lucas* upang turuan tayong sa taimtim na panalangin din tayo maaaring makiisa sa *Banal na Trinidad*.

P –Ang *Mabuting Balita* ng Panginoon ayon kay *San Lucas*

B –Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Naghahari sa mga tao ang pananabik sa pagdating ng *Mesiyas* at ang akala ng marami’y si *Juan* ang kanilang hinihintay. Kaya’t sinabi ni *Juan* sa kanila, “Binibinyagan ko kayo sa tubig, ngunit ang darating na kasunod ko ang magbibinyag sa inyo sa *Espiritu Santo* at sa apoy. Siya’y makapangyarihan kaysa akin, at ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang panyapak.”

Nabinyagan na noon ang lahat ng tao, gayon din si *Hesus*. Nang siya’y nananalangin, nabuksan ang langit at bumaba sa kanya ang *Espiritu Santo* sa anyong kalapati. At isang tinig mula sa langit ang nagsabi, “Ikaw ang minamahal kong Anak; lubos kitang kinalulugdan.”

Ang *Mabuting Balita* ng Panginoon!

B –Pinupuri ka namin, Panginoong *Hesukristo*!

Homiliya

Sumasampalataya

B— Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P— Sa pamamagitan ng Binyag tayo ay naging mga anak ng Diyos, kapatid ni Kristo, at tirahan ng Espiritu Santo. Puno ng paghahangad na mabuhay lagi sa katotohanang ito, ating sasambitin:

B— **Diyos na aming Ama, dinggin Mo ang aming panalangin!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang sa pagsasabuhay nila ng mga bunga ng binyag, ay mapalawig nila ang Paghahari ng Diyos sa lupang ibabaw, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan, upang sa taong ito ng mga kabataan sa ating bansa ay buong sigla nilang isabuhay ang mga pananagutang tinanggap nila sa binyag, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang igalang nila ang mga karapatan at mga tungkulin ng bawat Kristiyano para sa tunay na pag-unlad ng ating lipunan, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong naghahandang tumanggap sa sakramento ng

binyag, upang maunawaan nilang lubos ang mga katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano at maisabuhay ang mga ito, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito ng Pagbibinyag kay Hesus, upang maisabuhay natin nang masigasig ang ating pagiging mga anak ng Diyos, kapatid ni Kristo, at tirahan ng Espiritu Santo, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P— Ama naming tunay, Ama naming banal, isugo Mo sa amin ang Banal na Espiritu tulad ng pagpanaog niya sa aming Mesias sa sandali ng pagbibinyag sa kaniya. Sa lakas ng kanyang kapangyarihan, maging tunay nawa kaming mga kapatid at alagad ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B —Amen!



P— Manalangin kayo. . .

B— **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P— Ama naming Lumikha, ngayong ipinagdiriwang ang pagpapahayag ng iyong kinalulugdang Anak, tanggapin mo ang aming mga alay upang ito ay maging paghahain ng kanyang mahabagang paghuhugas sa kasalanan namin sapagka't siya'y kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B— **Amen!**

Prepasyo

P— Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatang pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang mga dakilang pahiwatig ng bagong pagsilang ay minarapat mong mahayag sa Ilog Jordan. Dahil sa iyong tinig buhat sa kalangi-

tan, ang pakikipisan ng iyong Salita sa sangkatauhan ay amin ngayong sinasampalatayanan. Dahil sa Espiritung sa kanya'y lumukob na waring kalapating tagapagtaguyod, tinanghal siyang Mesiyas nami't iyong Lingkod para ihatid ang iyong Balitang mga aba'y itatampok.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B— **Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B— **Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**



B— Ama namin. . .

P— Hinihiling namin. . .

B— **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B— **Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P— Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B— **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Dito ay matatagpuan ang patotoo ni Juan. Kanyang pinatotohanan ang Anak ng Amang mahal na Panginoong Maykapal.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang ay maging mga anak mo nawa sa turing at sa katotohanan sa matapat naming pakikinig sa iyong Anak na aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

Gabayan nawa kayo tuwina ng Banal na Espiritu at hubugin kayong maging mga lingkod ng Panginoon.

B–Amen!

P–Manatili nawa kayo sa pagtatangi, kalinga, at pag-iingat ng Panginoon.

B–Amen!

P–Manatili nawa kayong tapat sa

inyong buong buhay sa inyong mga pangako sa binyag.

B–Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.

B–Salamat sa Diyos!

ANG KATUNGKULANG ATING TINATANGGAP SA BINYAG

Maraming pantas ang nagsasabing nalinawan lamang si Hesus na siya ang Kristo, ang Hinirang ng Diyos, sa sandali ng pagbibinyag sa kaniya. Ang turo nga ng ilan ay nagtungo siya sa Ilog Jordan upang pabinyag kay Juan dahil siya ay isang mabait na Hudiyong nag-aabang din sa pagdating ng Mesias. Ngunit nang maipabatid sa kaniya ng *“tinig mula sa langit”* (Lucas 3:22) na siya ang *“minamahal kong Anak”* (Lucas 3:22), tinanggap niya ang ibig sabihin nito – na siya ang Hinirang ng Diyos.

Mabigat ang papasaning tungkulin ng Hinirang ng Diyos dahil siya *“ang lingkod ko na aking itataas, na aking pinili at kinalulugdan”* (Isaias 42:1). Matinding hirap ang kanyang daranasin: *“Dahil sa pagkabugbog sa kanya’y halos di makilala kung siya’y tao”* (Isaias 52:14). Ang Hinirang ng Diyos ay siya ring Nagdurusang Lingkod ng Panginoon. Dahil sa taos-puso niyang tinatanggap ang paghihirap na kalakip ng kanyang pagiging Hinirang ng Diyos ay ipinahayag ng Ama: *“lubos kitang kinalulugdan”* (Lucas 3:22).

Ngunit sa hirap na daranasin ni Hesukristo ay hindi siya pababayaang ng Ama. Kaya nga *“bumaba sa kanya ang Espiritu Santo sa anyong kalapati”* (Lucas 3:22). Sasamahan siya ng Banal na Espiritu sa kanyang pagtupad sa kanyang tungkulin bilang Mesias. Kaisa niya ang Espiritung Banal sa kanyang gawaing *“ipangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita . . . ipahayag sa mga bihag na sila’y lalaya, at sa mga bulag na sila’y makakikita . . . bigyang-kaluwagan ang mga sinisil at ipahayag ang pagliligtas na gagawin ng Panginoon”* (Lucas 4:18).

Sa araw ng ating binyag ay tinanggap din natin ang ilang mabigat na tungkulin. Tayo ay inampon ng Diyos bilang Kanyang mga anak. Ito ang ating pinakadakilang karangalan. Subalit kalakip ng karangalang ito ang tungkuling mabuhay bilang mga tunay Niyang anak. Ang ibig sabihin nito ay dapat tayong makamukha ng Kanyang Bugtong na Anak na si Hesukristo. Kailangan tayong mabuhay tulad niya bilang Nagdurusang Lingkod ng Panginoon. Mahalaga sa mga magkakapatid ang pagiging magkahawig. Ang mga kapatid ni Hesukristo ay hindi dapat malayo sa kaniya – siyang ipinako sa krus. At *“pinagkalooban*

niya tayo ng Espiritu ng kanyang Ama nang tayo’y makatawag sa Kanya ng ‘Ama! Ama ko!’” (Galacia 4:6). Dahil sa ating pakikipag-ugnayan sa Ama, Anak, at Espiritung Banal, naging kaanib tayo ng Bagong Bayan ng Diyos. Ang mga simulain ng Simbahan ay naging atin ding mga simulain. Ang mga katotohanang iniingatan ng Simbahan ay atin ding iniingatan. Ang mga kaanib ng Simbahan ay itinuturing din nating mga kapatid. Tayo ay bumubuo ng isang pamayanan ng pananampalataya, isang pamayanang pinaghaharian ng mga bunga ng Espiritu: *“pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihán, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili”* (Galacia 5:22-23).

May nagkuwento na noong namatay raw ang Emperador na si Franz Josef, ay dinala siya para ilibing sa isang monasteryo sa taas ng isang bundok. Pagdating doon ay kinililing nila ang kampana. Bumukas ang isang maliit na bintana at may isang mongheng nagtanong: “Sino ‘yan?” sumagot sila: “Si Franz Josef, ang Emperador ng Emperyo ng Austro-Hungary, makapangyarihang tao!” Sumagot ang monghe: “Kinalulungkot ko, hindi ko siya kilala.” At nagsara ang maliit na bintana.

Kinililing nilang muli ang kampana. Bumukas na naman ang maliit na bintana at nagtanong na naman ang monghe: “Sino ‘yan?” Sumagot sila: “Si Franz Josef, isang taong ubod ng yaman at nagmamay-ari ng malalawak na lupain!” Sumagot na naman ang monghe: “Kinalulungkot ko, hindi ko siya kilala.” At nagsara na naman ang maliit na bintana.

Naguluhan na sila. Ngunit kinililing na naman nila ang kampana. Bumukas na naman ang maliit na bintana at nagtanong na naman ang monghe: “Sino ‘yan?” Sumagot sila ngayon nang ganito: “Si Franz Josef, isang makasalanan, subalit sa awa ng Panginoon ay anak ng Diyos.” Bumukas ang pintuan at sila’y pinapasok upang mailibing na ang Emperador. Sa wakas, batid na nila ang lihim ng tunay na kadakilaan sa buhay.

Sa binyag, tayo’y naging mga anak ng Diyos. Ito ang ating dakilang karangalan. Pangatawanan natin ito!



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Marketing:** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • **Circulation:** R. Saldua